# Mga Madalas Itanong

### KAILANGAN KO BANG IBAHAGI ANG AKING IMPORMASYON?

Hindi, ang paglahok sa SMC Connected Care ay boluntaryo. Maaari mong hindi payagang ibahagi ang iyong impormasyon sa SMC Connected Care (iyon ay, "hindi pagsali") sa anumang oras. Ang iyong pagpiling hindi sumali sa SMC Connected Care ay hindi makakaapekto sa iyong access sa pangangalaga sa anumang paraan

### ANO ANG MAGAGASTOS KO SA PAGSALI SA SMC CONNECTED CARE?

Libre ito! Wala kang gagastusin kapag pinili mong sumali sa SMC Connected Care. Makakatipid ka ng oras, at babawasan ang mga pagpunta sa iba't ibang mga opisina, laboratoryo at mga klinika.

### SINO ANG MAGKAKAROON NG ACCESS SA AKING IMPORMASYON?

Mga awtorisadong provider lang ang magkakaroon ng access sa impormasyon ng iyong kalusugan. Magkakaroon ng access ang mga provider sa iyong impormasyon sa isang basehang "kailangang malaman," na nangangahulugang maa-access lang nila ang iyong impormasyon kapag nagbibigay o nagpapayo sila tungkol sa iyong pangangalaga.




**PUNTAHAN KAMI SA ONLINE**

***www.smchealth.org/connectedcare***

COUNTY OF SAN MATEO
CALIFORNIA

COUNTY OF SAN MATEO
HEALTH SYSTEM

225 37TH AVE.,
SAN MATEO, CA 94403



# SMC Connected Care

PAGPAPALITAN NG IMPORMASYON SA KALUSUGAN

***Pagpapalitan ng Impormasyon sa Kalusugan para sa Pinagandang Pangangalaga na Nakatuon sa Pasyente***

Para sa kumpletong listahan ng Mga Madalas Itanong, puntahan ang aming website sa www.smchealth.org/connectedcare

www.smchealth.org/connectedcare



## ANO ANG SMC CONNECTED CARE?

Ang SMC Connected Care ay isang sistema upang ibahagi ang iyong data na may kaugnayan sa kalusugan sa iyong mga provider ng pangangalaga, kabilang ang mga doktor, lab technician, pharmacist at mga espesyalista. Bilang tumatanggap ng pangangalaga mula sa Sistemang Pangkalusugan ng San Mateo, mayroon kang opsyong gawing available ang iyong impormasyon sa mga gumagamot sa iyo.

Ang kakayahang magpalitan ng impormasyon ng kalusugan sa elektronikong paraan ay pinagaganda ang kalidad ng pangangalagang pangkalusugan, kaligtasan at kahusayan. Ibinabahagi ang impormasyon ng kalusugan sa elektronikong paraan sa pamamagitan ng isang ligtas at naka-encrypt na pagpapalitan ng data gamit ang mga pamantayang partikular na binuo para sa pangangalagang pangkalusugan. Ang mga taong magkakaroon lang ng access sa iyong data ay ang iyong pangkat ng gumagamot para sa pangangalagang pangkalusugan o ang kanilang itinalagang kawani.

Ang pagbabahagi ng impormasyon sa kalusugan sa elektronikong paraan ay inaalis ang pangangailangan para sa pag-fax, pagkopya at pagdadala ng rekord ng iyong kalusugan sa bawat provider. Ang prosesong ito ay nakakatipid ng oras, pinagaganda ang pagkapribado ng pasyente at binabawasan ang mga gastos.

# Paano Magdudulot ng Kabutihan sa Akin ang SMC Connected Care?

Ang kakayahang ligtas na ibahagi ang iyong impormasyon sa mga provider ng pangangalagang pangkalusugan ay papayagan ang Sistemang Pangkalusugan ng San Mateo na magbigay ng pinakakomprehensibo at naaangkop na paggamot para sa iyo.

## SA MGA EMERGENCY NA SITWASYON

Kapag ipinasok ka sa departamento para sa emergency, kadalasan mayroong kaunting impormasyon ang medikal na kawani tungkol sa iyo. Kung wala kang malay o hindi maipaliwanag ang kasaysayan ng iyong kalusugan, malamang hindi malalaman ng doktor para sa emergency ang tungkol sa iyong mga alerhiya, mga gamot na ininom mo kamakailan at iba pang impormasyon na posibleng makakapagligtas ng buhay na tungkol sa iyo. Sa SMC Connected Care, magkakaroon ng mas kumpletong detalye ang kawani sa pang-medikal na emergency tungkol sa iyong medikal na profile, na magpapahintulot sa kanilang matukoy ang mga kasalukuyang problema sa kalusugan at makakapagplano ng pinakamagandang mga opsyon sa paggamot para sa iyo.





## PAGPAPAHUSAY NG PAGKAPRIBADO

Napakahalaga ng iyong pagkapribado sa Sistemang Pangkalusugan ng San Mateo at pinoprotektahan ito ng batas. Ang aming paggamit ng elektronikong impormasyon ng kalusugan ay gumagamit ng mga pinahusay na proteksyon sa seguridad nang lampas sa kinakailangan para sa mga papel na rekord. Mas ligtas na ngayon ang impormasyon ng iyong kalusugan at pagkapribado kaysa dati.

## NAKAKATIPID NG ORAS

Dati, gumugugol ng maraming oras ang mga kawani ng pangangalagang pangkalusugan sa paghahanap at paghingi ng impormasyon tungkol sa mga pasyente para makakuha ng kumpletong detalye ng kanilang kasalukuyang kondisyon at kasaysayan ng kalusugan. Sa SMC Connected Care, magkakaroon kaagad ng access ang iyong mga provider ng pangangalagang pangkalusugan sa impormasyon ng iyong kalusugan sa elektronikong paraan.

## PAGBABAWAS NG GASTOS

Sa pamamagitan ng mas naaangkop at komprehensibong impormasyon, pinagaganda ang kalidad ng pangangalaga at binabawasan ang mga dobleng pagsusuri at procedure. Sa ganitong paraan, natitipid ng SMC Connected Care ang iyong oras at binabawasan ang paggastos sa mga hindi kinakailangang gamot, mga pagsusuring may kaugnayan sa radiology, mga pagsusuri sa laboratoryo at mga pagkakaospital.